**LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO**

# PAUNAWA SA MGA EMPLEYADO NG PROGRAMA NG MGA PAMANTAYAN SA KALIDAD NG SAN FRANCISCO INTERNATIONAL AIRPORT [NOTICE TO SAN FRANCISCO INTERNATIONAL AIRPORT (SFO) QUALITY STANDARDS PROGRAM (QSP) EMPLOYEES]

**(Pinaiiral: Pebrero 26, 2026 – Hunyo 30, 2026*)**

## Ordinansa para sa Pagtataguyod ng Kalusugan sa Airport (Healthy Airport Ordinance, HAO)

Isang kontratista ng Lunhsod at County ng San Francisco ang inyong taga-empleyo, at ang kontrata ay saklaw ng Ordinansa para sa Pagtataguyod ng Kalusugan sa Airport (Healthy Airport Ordinance, HAO)—isang susog sa Ordinansa ukol sa Pananagutan sa Pangangalaga ng Kalusugan (Health Care Accountability Ordinance, HCAO). Para sa mga Airport Service Employees ng SF (mga empleyado ng QSP), inaatas ng HAO sa mga taga-empleyo na magkaloob ng ilang benepisyong pangkalusugan, magbigay ng mga kontribusyon, o magsagawa ng proseso ng paggastos sa pangangalaga ng kalusugan (health care expenditures) para sa mga empleyado o sa ngalan nila. Kung nagtatrabaho kayo para sa taga-empleyo ng QSP sa SFO, **kayo ay sakop na empleyado**. **Walang pinakamababang oras ang kinakailangan** para sa mga empleyado ng QSP upang maging kwalipikado sa mga benepisyong pangkalusugan na ito. Sa ilalim ng HAO, ang mga taga-empleyo ng QSP ay dapat pumili ng isa sa mga sumusunod na opsyon sa pagsunod sa batas:

1. **MAGBIGAY NG SUMUSUNOD SA BATAS NA PLANONG PANGKALUSUGAN NG PAMILYA (COMPLIANT FAMILY HEALTH PLAN) PARA SA MGA EMPLEYADO AT KANILANG MGA DEPENDIYENTE NA TUMUTUGON SA MGA PANGANGAILANGAN NG PLANONG PANGKALUSUGAN**
   - Hindi bababa sa isang planong pangkalusugan ang dapat inaalok nang <u>walang bayad</u> sa empleyado at mga dependiyente.
   - Dapat magsimula ang pagkakasakop (coverage) sa unang araw ng buwan na magsisimula matapos ang 30 araw mula sa simula ng pagkaka-empleyo.

**O**

2. **MAGBAYAD NG $12.15 KADA ORAS NG PAGTATRABAHO SA CITY OPTION**
   Magbayad ng $12.15 kada oras para sa bawat oras na nagtrabaho (hanggang sa 40 oras sa isang linggo) sa City Option, na nagbibigay sa mga empleyado ng mga medical reimbursement account.

**O**

3. **GUMAWA NG DI-MABABAGONG HALAGA NG GASTOS SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN BATAY SA LAKI NG SAMBAHAYAN NG EMPLEYADO AT ORAS NG KANYANG PAGTATRABAHO**
   Gumawa ng mga di-mababagong halaga ng gastos sa pangangalaga sa kalusugan (irrevocable health care expenditures) para sa bawat sakop na empleyado o sa ngalan niya para sa mga oras na nagtrabaho sa SFO o malapit dito bilang bahagi ng QSP, ayon sa sumusunod na halaga:

***Alinsunod sa Hulyo 1 na Pagbabago ng Rate ng City Option**

| Laki ng Sambahayan | Rate ng Kada Oras na Nagtrabaho | Maximum Kada Linggo |
|---|---|---|
| Empleyado na walang Dependiyente | $6.17 | $246.80 |
| Empleyado na may 1 Dependiyente | $12.33 | $493.20 |
| Empleyado na may 2+ Dependiyente | $17.44 | $697.60 |

Epektibo ng Enero 1, 2027, ang opsyon 3 ang magiging natatanging paraan ng pagsunod para sa mga taga-empleyo ng QSP.

**KUNG NANINIWALA KAYONG NILALABAG ANG INYONG MGA KARAPATAN, KONTAKIN ANG OPISINA PARA SA PAGPAPATUPAD NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA (OFFICE OF LABOR STANDARDS ENFORCEMENT) SA (415) 554-7903 O HCAO@SFGOV.ORG.**

Office of Labor Standards Enforcement (OLSE)
City Hall, Room 430
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
San Francisco, CA 94102
www.sf.gov/olse-hao

***Alinsunod sa Hulyo 1 na Pagbabago ng Rate ng City Option**